




International  
Labour  
Organization

# Ano ang ILO MNE Declaration?





# **Ano ang ILO MNE Declaration?**

- ▶▶ Ang MNE Declaration ay nagbibigay ng malinaw na gabay kung paanong ang mga negosyo ay makaambag sa pamamagitan ng kanilang operasyon sa buong mundo tungo sa pagpapaunawa ng desenteng trabaho.

Ang mga rekomendasyon nito ay nakaugat sa mga pandaigdigang pamantayan sa paggawa na sumasalamín sa mahuhusay na gawain sa lahat ng negyoso at ipinagdidinán din nito ang papel ng pamahalaan sa pagpapasigla ng mahusay na pag-uugaling pangkorporasyon at pati na rin ang mahalagang papel ng panlipunang pakikipag-usap

- ▶ Guy Ryder, ILO Director General

---

## Ano ang ILO MNE Declaration?

Ang Tripartite Declaration of Principles Concerning Multinational Enterprises and Social Policy (MNE Declaration) ay instrumento ng ILO na nagbibigay ng direktang paggabay sa mga negosyo kaugnay ng polisiyang panlipunan at ng inklusibo, may responsibilidad, at napagpapatuloy na kaugalian sa lugar ng pinatratrabahuan. Layon ng deklarasyong ito na makahikayat ng positibong kontribusyon kung saan ang mga multinational na negosyo ay makakagawa ng ekonomiko at panlipunang pag-unlad at ang pagsasakatuparan ng desenteng trabaho para sa lahat; at upang bawasan at magkaroon ng kalutasan sa mga kahirapan o problem na maaaring mangyari sa iba't iba nilang operasyon. Hindi nilalayon ng mga alituntunin ng MNE Declaration na magpakilala o panatilihin ang hindi pantay na pagtrato sa pagitan ng multinational at national na mga negosyo. Sumasalamin ito ng mahuhusay na pagsasagawa para sa lahat. Sa tuwing mahalaga sa parehong multinational at national na negosyo ang mga alituntunin ng MNE Declaration, dapat na sumailalim sa parehong inaasahang tunguhin nang may pagkilala sa pagsasagawa ng kani-kanilang pangkalahatan at panlipunang kaugalian

Ang mga alituntunin ay nakatugon sa mga MNEs, gobyerno ng mga bansang pinagmulan at pinagtirhan, at mga organisasyon ng mga empleyado at manggagawa at sumasaklaw sa mga usapin gaya ng pagtatrabaho, pagsasanay, kondisyon sa trabaho at buhay, at ugnayang pang-industriya pati na rin ang pangkahalatang polisiya.

1. Pangkahalatang polisiya
2. Pagtatrabaho
  - Promosyon sa pagtatrabaho
  - Seguridad panlipunan
  - Pagwaksi ng mga puwersahan o sapilitang paggawa
  - Epektibong pagwaksi ng pagpapatrabaho sa bata: pinakambatang edad at pinakamalalang uri
  - Pantay na oportunidad at pagtrato
  - Seguridad sa trabaho

3. Pagsasanay
4. Kondisyon ng trabaho at pamumuhay
  - Sahod, benepisyo at kondisyon sa trabaho
  - Kaligtasan at kalusugan
5. Ugnayang pang-industriya
  - Kalayaan sa asosasyon at karapatan na makapag-organisa
  - Collective bargaining
  - Konsultasyon
  - Akses sa lunas at pag-eksamen sa mga hinaing

Ang gabay ay matibay na nakasandig sa alituntuning nakapaloob sa pamantayan ng pandaigdigang paggawa (mga kombensiyon ng ILO at rekomendasyon na nakalista sa Annex I ng instrumento) at sa obligasyon ng mga estado o bansa na pamamagitan ng kanilang pagiging miyembro at pagsunod sa kanilang pagratipika ng mga kombensiyon ng ILO

Ipinagdidiin ng MNE Declaration ang kahalagahan ng alituntuin ng batas, pagpapatupad ng batas, at ugnayang panlipunan at alalahanin na lahat ng kasangkot ay dapat na respetuhin ang karapatan ng manggagawa at tumulong na maisakatuparan ang mahahalagang alituntuin at karapatan sa trabaho. Binibigyang-diin nito ang kahalagahan ng dayalogo o paguusap at konsultasyon sa iba't ibang kasangkot upang matiyak ang pagiging inklusibo, napapanatili, responsableng pag-uugali sa negosyo ng mga MNEs sa mga bansang pinagmulan na tumutugma sa mga pambansang layunin at polisiya sa pag-unlad. Hinihikayat ang mga gobyerno ng mga bansang pinagmulan at tinitirhan ng mga MNEs na mag-ugnayan sa pamamagitan ng mga konsultasyon sa isai isa at pati na rin sa mga ibang negosyo kaugnay ng polisiyang panlipunan at paggawa.

Ang MNE Declaration ang natatanging pandaigdigang instrumento sa usaping ito na pinalawig at tinanggap ng mga gobyerno, nagpapagawa at manggagawa mula sa buong mundo. Pinagtibay ng Governing Body of the ILO sa kanilang ika-204 sesyon (Geneva, November 1977), ang instrumento ay makailang beses na sinusugan o inamendyahan.

Ang huling pagsusog nito sy noong Marso 2017 kasunod ng tripartite proseso ng pagrebyu upang makatugon sa mga bagong ekonomikong reyalidad at isaalang-alang ang mga pagbabago simula noong huling inamyendahan noong 2006. Kabilang sa pagbabagong ito ang mga pamantayan ng paggawa at mga policy outcomes na pinagtibay ng International Labour Conference, ng Guiding Principles on Business and Human Rights na inendorso ng Human Rights Council noong 2011, at ang pagpapatibay ng 2030 Agenda for Sustainable Development.

Pinayaman ng pagbabago ng MNE Declaration sa pamamagitan ng pagpapalakas at pagdaragdag ng mga alituntunin na tumutugon sa espesipikong usapin ng maayos na pagtatrabaho kaugnay ng panlipunang seguridad, sapilitang paggawa, paglipat mula sa impormal tungong pormal na ekonomiya, suweldo, kaligtasan at kaulugsan, akses sa panlunas at kabayaran sa mga biktima. At sa pagbabalangkas ng iba't ibang papel na nilalayon iba't ibang kasali upang matutukan ang MNE Declaration, na nakaugnay sa mga Guiding Principles on Business and Human Rights: Implementing the United Nations “Protect, Respect and Remedy” Framework

Upang mapasigla ang pagtanggap sa mga alituntunin ng MNE Declaration ng iba't ibang kabilang o partido pinagtibay ng Governing Body ang ilang kasangkapan sa pagpapatakbo ng mga ito na nakalista sa Annex II ng MNE Declaration. Nakaiimpluwensiya at nakagigiya ang MNE Declaration ng mga polisiya ng mga pandaigdigang at mga panrehiyong organisasyon, pambansang pamahalaan, inisyatibo ng multi- stakeholders pati na rin ang mga polisiya at patarakan ng mga negosyo gaano man kalaki or kaliit ang mga ito.

## Alituntunin ng MNE Declaration

Alituntunin na nakatuon sa mga pamahalaan sa Pangkalahatang Polisiya	Mga prinsipyo nga gitumong ngadto sa mga Patigayon
<p><b>Pangkalahatang Polisia</b></p>	
<ul style="list-style-type: none"> <li>• Lalong palawigin ang layon ng Deklarasyon sa pamamagitan ng pagpaptibay ng naayong batas, polisiya, hakbang, at aksyon kabilang ang mga nasa larangan ng pangangasiwa sa paggawa at pampublikong inspeksyon sa paggawa (talata 3)</li> <li>• Tiyakin na may pantay na pagtrato sa pagitan ng mga negosyong multinasyunal at nasyonal (talata 5)</li> <li>• Pagtibayin ang Fundamental Conventions (talata 9) ng operasyon sa labas ng kanilang nasasakupan (talata 12)</li> <li>• Isulong ang mahuhusay na kaugaliang panlipunan alinsunod sa MNE Declaration sa pagitan ng mga Multinasyonal na mga Negosyo na nagsasagawa ng operasyon sa kanilang nasasakupan at ang kanilang mga Multinayonal ng mga Negosyo na nagsasagawa Maging handa na magkaroon ng konsultasyon sa iba pang mga pamahalaan tuwing may pangangailangan (talata 12)</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Irespeto ang karapatan ng estado at sundin ang pambansang batas at irespeto ang mga pandaigdigang pamantayan (talata 8)</li> <li>• Mag-ambag sa pagsasakatuparan ng mga napakahalagang alituntunin at karapatan sa trabaho. (talata 9)</li> <li>• Isagawa ang naayong implementasyon, isinasaalang-alang ang sentral na papel ng kalayaan sa asosasyon at kolektibong bargaining, ugnayang pang-industriya, at</li> <li>• Kumunsulta sa mga organisasyon ng gobyerno, nagpapagawa, at manggagawa upang tiyakin na ang operasyon ay pareho sa prayoridad ng pambasang pag-unlad (talata 11)</li> </ul>



**Alituntunin na nakatuon sa mga pamahalaan sa Pangkalahatang Polisiya**

**Mga prinsipyo nga gitumong ngadto sa mga Patigayon**

**Pagtratrabaho**

- Ideklara at ituloy, bilang pangunahing layunin, ang aktibong polisiya upang isulong ang buo, produktibo, at malayang napiling pagtatrabahuan, at disenteng trabaho (talata 13)
- Magbuo at isakatuparan ng integratibong balangkas ng polisiya upang mapadali ang paglipat tungo sa pormal na ekonomiya (talata 21)
- Magtatag at panatilihin, kung naayon, ang mga social protection floors sa loob ng estratehiya upang progresibong matiyak ang mas mataas na antas ng panlipunang seguridad (talata 22)
- Gumawa ng epektibong hakbang upang maiwasan at maiwaksi ang sapilitang paggawa, magbigay sa mga bikitima ng akses o ng daan sa naaayong lunas, bumuo ngisang pambansang polisiyaat plano ng pagkilos, at magbigay ng gabay at suporta sa mga empleyado (talata 23-24)
- Bumuo ng pambansang polisiya na nakabatay sa pagtiyak ng epektibong pagtanggap ng pagtatrabaho ng bata, gumawa ng agarang hakbang upang tiyakin ang pagbabawal at pagtanggap ng pinakamalulupit na uri ng pagtatrabaho ng bata, na may pagpupumilit na gawin agad, at progresibong itaas ang pinakabatang edad upang matanggap sa trabaho (talata 26)

- Pagsumikapan na pataasinang oportunidad at pamantayan ng trabaho, isinasaalang-alang ang mga polisiya at layunin ng pamahalaan kaugnay ng trabaho (talata 16)
- Bago magsimula ng operasyon, ikonsulta ang mga otoridad na may kakayahan at mga pambasang organisasyon ng mga nagpapatrabaho at manggagawa upang manatili ang plano sa trabaho hanggang sa kakayanin, na may konsiderasyon sa mga polisiya ng pambansang panlipunang kaunlaran (talata 17)
- Magbigay prayoridad sa trabaho, kaunlarang panghanapbuhay, promosyon at pagsulong ng mamamayan ng bansang tinitirhan (talata 18)
- Gumamit ng mga teknolohiya na makapaglilikha ng trabaho sa parehong direkta at hindi direkta; at makisali sa pagpapaunlad ng naaayong teknolohiya at umangkop ng mga teknolohiya sa mga pangangailangan at katangian ng bansang tinitirhan (talata 19)
- Bumuo ng pakikipag-ugnayan sa mga lokal na negosyo sa pamamagitan ng paghahanap ng lokal na input, pagsulong ng lokal na pagpoproseso ng mga raw materials, at lokal na paglikha ng mga bahagi at kagamitan (talata 20)
- Mag-ambag sa paglipat papunta sa pormal na ekonomiya (talata 21)

<b>Alituntunin na nakatuon sa mga pamahalaan sa Pangkalahatang Polisiya</b>	<b>Mga prinsipyo nga gitumong ngadto sa mga Patigayon</b>
<ul style="list-style-type: none"> <li>• Ipagpatuloy ang mga polisiyang nakadisenyo upang isulong ang pantay na oportunidad at pagtrato sa trabaho, na may pagtingin sa pagwawaksi sa anomang uri ng diskriminasyon batay sa lahi, kulay, kasarian, relihiyon, opinyong politikal, at pambansang pagtugis o pinagmulang panlipunang antas (talata 28)</li> <li>• Isulong ang pantay na kabayaran para sa mga lalaki at babaeng manggagawa para sa trabahong may pantay na halaga (talata 29)</li> <li>• Huwag humiling o hikayatin ang mga negosyong multinasyonal na magdiskrimina at magbigay ng gabay, kung saan man ito kailangan, upang umiwas sa diskriminasyon (talata 31)</li> <li>• Pag-aralan ang epekto ng mga negosyong multinasyonal sa pagpapatrabaho sa iba; ibang sektor ng industriya (talata 32)</li> <li>• Sa pakikipagtulungan sa mga negosyong multinasyonal I at nasyonal magbigay ng proteksiyon sa pinagkakakitaan ng mga manggagawang natapos na ang pagpapatrabaho (talata 36)</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Punuan at tulongan na pasiglahin ang pagpapalawig sa pagpapaunlad ng panlipunang pambulikong sistema ng seguridad (talata 22)</li> <li>• Agarang gumawa ng pagkilos at epektibong hakbang upang sigurihin ang pagbabawal at pagwawaksi ng sapilitang paggawa sa kanilang mga operasyon (talata 25)</li> <li>• Respetuhin ang pinakabatang edad para sa pagtanggap sa trabaho at agaran at epektibong gumawa ng mahalagang hakbang upang sigurihin ang pagbabawal at pagwawaksi ng pinakamalalang uri ng pagpapatrabaho sa bata (talata 27)</li> <li>• Magpagabay sa alituntin ng kawalan ng diskriminasyon at gumawa ng kwalipikasyon, kasanayan, at karanasan bilang batayan para sa pagtanggap, pagkuha, pagsasanay, at pagsulong ng mga kawani (talata 30)</li> <li>• Pagsumikapan na makapagbigay ng matatag na trabaho para sa manggagawa at malayang tupdin ang mga napagkasundang obligasyon kaugnay ng matatag na trabaho at panlipunang seguridad, isulong ang seguridad sa trabaho, magbigay ng nararapat na paalala kaugnay ng mga nilalayong pagbabago sa operasyon at iwasan ang pagtanggap nang walang basehan (talata 33 at 34)</li> </ul>

**Alituntunin na nakatuon sa mga pamahalaan sa Pangkalahatang Polisiya**

**Mga prinsipyo nga gitumong ngadto sa mga Patigayon**

**Pagsasanay**

- Bumuo ng mga pambansang polisiya para sa bokasyonal na pagsasanay at paggabay, mahigpit na inuugnay sa pagtatrabaho sa pakikipagtulungan ng lahat ng kasangkot (talata 37)
- Magbigay ng pagsasanay sa lahat ng antas ng manggagawang nagtatrabaho upang matugunan ang pangangailangan ng negosyo pati na rin ang mga polisiya ng kaunlaran sa bansa (talata 38)
- Sumali sa mga programa na naglalayon at naghihikayat ng paglikha kasanayan, panghambambuhay na pagsasanay at pag-unlad, at pati na rin ang pagbibigay ng bokasyonal na pagsasanay at gawing nariyan ang mga taong may angkop na kasanayan (talata 39)
- Kayanin ang mga oportunidad sa mga negosyo para sa local na pangangasiwa upang mapalawak ang karanasan nila. (talata 40)

**Alituntunin na nakatuon sa mga pamahalaan sa Pangkalahatang Polisiya**

**Mga prinsipyo nga gitumong ngadto sa mga Patigayon**

**Kondisyon ng Trabaho at Pamumuhay**

- Magsumikap na magpatibay ng angkop na pamamaraan upang matiyak na ang mga mas may mababang kitana grupo at mga hindi pa gaanong napapaunlad na lugar ay makinabang mula sa mga gawain ng mga multinasyonal na negosyo (talata 42)
- Tiyakin na ang parehong multinasyonal at nasyonal tional na negosyo ay nagbibigay ng sapat na pamantayang pangkaligtasan at pangkalusugan at nag-aambag sa kultura ng pagtiyak sa kaligtasan at kalusugan, kabilang ang mga hakbang upang sugpuin ang karahasan sa trabaho at pagbibigay-pansin sa pagbuo ng kaligtasan; at magbigay ng danyos sa mga manggagawa na naging biktima ng aksidente o sakit ng sanhi ng pagtatrabaho (talata 43)
- Sa iba't iba nilang operasyon, magbigay ng suweldo, benepisyo at mga kondisyon sa trabaho na hindi mas mababa kaysa sa mga ibinibigay ng ibang nagpapatrabaho sa bansana may pagsasaalang-alang ang pangkalahatang antas ng suweldo, halaga ng pamumuhay, benepisyo sa panlipunang seguridad, mga kadahilang pang-ekonomiya, at antas ng pagkaproduktibo. (talata 41)
- Panatilihin ang pinakamataas na pamantayan sa kaligtasan at kalusugan sa trabaho, ipagbigay-alam ang natatanging panaganib at kaugnay na pamamaraan sa proteksyon mula sa mga bagong produkto at mga proseso, magbigay ng impormasyon tungkol sa mahuhusay na gawain na ginagawa sa ibang bansa, at lumahok bilang nangungunang bahagi sa pag-alam ng mga sanhi ng pang-industriyang kaligtasan at panganib (talata 44)
- Makipag-ugnayan sa mga pandaigdigang at pambansang organisasyon sa kaligtasan at kalusugan, pambansang otoridad, manggagawa at ang kanilang mga organisasyon, at ilahok sa mga usapin ng kaligtasan at kalusugan na may pagsang-ayon mula sa mga kumakatawan ng mga manggagawa (talata 45-56)

**Alituntunin na nakatuon sa mga pamahalaan sa Pangkalahatang Polisiya**

**Mga prinsipyo nga gitumong ngadto sa mga Patigayon**

**Ugnayang Pang-industriya**

- Gamitin ang mga alituntunin ng Covention No. 85, Article 5, batay sa pagtingin ng kahalagahan na may kaugnayan sa mga multinational na negosyo, ng mga nagpapahintulot na rganisasyong kumakatawan sa mga kagayang negosyo ng mga manggagawa sa kanilang pinagtrabahuan na umanib sa mga pandaigdigang organisasyon ng mga nagpapatrabaho at manggagawa na kanilang pinipili (talata 51)
- Huwag isama sa kanilang insentibo na makaakit ng dayuhang mamumuhunan ng anomang limitasyon sa kalayaraan ng manggagawa na mapabilang o ang karapatan na mag-organisa at magsama-sama sa collective bargaining (talata 52)
- Tiyakin na sa pamamagitan ng husdisyal, administratibo, lehislatibo, at iba pang naayong pamamaraan na magkaroon ng akses sa epektibong remedy ang mga manggagawa na naapakan ang karapatan. (talata 64)
- Tiyakin na ang boluntaryong pakikipagkasundo at ang pamaraaning pumapagitna ay libre upang makatulong sa pag-iwas at pagkakasundo sa mga alitan sa industriya. (talata 67)
- Sa kabuoan ng kanilang operasyon, sundin ang pamantayan ng ugnayang pang-industriya (talata 47)
- Respetuhin ang kalayaan sa pagsali at ang karapatan sa collective bargaining, magbigay ng pamaraanin at impormasyong kinakailangan para sa makabuluhang negosasyon (talata 58, 57, 61)
- Suportahan ang kinatawan ng organisasyon ng manggagawa (talata 50)
- Magbigay ng regular na konsultasyon kaugnay ng mga usapin na sa parehong panig ay mahalaga. (talata 63)
- Gumawa ng paraan upang mahikayat ang mga kasosyo sa negosyo na magbigay ng epektibong remedyason (talata 65)
- Tasahin ang mga hinanaing ng / ng mga manggagawa batay sa naayong proseso (talata 66)
- Gumawa ng paraan upang makapagtatag ng boluntaryong pamamaraan sa pagkaksundo na may mga kinatawan at organisasyon ng mga manggagawa (talata 68)



EUROPEAN UNION

Ang dokumentong ito ay binuo gamit ang pagpopondo ng European Union  
sa pamamagitan ng programang Responsible Supply Chains in Asia